# Espesyal na Halalan Nobyembre 30, 2023
# Konsehal ng Ward 20, Scarborough Timog Kanluran

By-Election
VOTE
November 30

## Mag-aplay upang Bumoto sa pamamagitan ng Koreo

Isumite ang iyong aplikasyon para bumoto sa pamamagitan ng koreo mula Oktubre 23 hanggang Nobyembre 10 sa www.toronto.ca/VoteByMail.

## Tingnan ang Listahan ng mga Botante

Simula sa Oktubre 23, tingnan kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante, alamin kung saan boboto at ang mga kandidatong tumatakbo bilang konsehal sa www.toronto.ca/MyVote.

TORONTO

# Mahalagang mga Petsa

## Oktubre 23

- Unang araw upang mag-aplay para sa **Ikinoreong Pagboto**
- Unang araw para magdagdag, magbago o mag-update ng impormasyon sa **Listahan ng mga Botante.**
- Unang araw para humiling ng **Pormularyo ng Kinatawan** (**Proxy Form)** at gumawa ng tipanan para mapatotohanan ito sa pamamagitan ng pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca. Tumawag sa 311 para sa impormasyon.

## Nobyembre 10

- Huling araw upang mag-aplay para sa **Ikinoreong Pagboto** ng alas 4:30 ng hapon.
- Huling araw upang magdagdag, baguhin o i-update ang **Listahan ng mga Botante** sa [www.toronto.ca/MyVote](http://www.toronto.ca/MyVote), ng alas 4:30 ng hapon

## Nobyembre 14

- **Ang mga Kard ng Impormasyon ng Botante** [**Voter Information Card (VICs)**] ay ipinapadala sa mga karapat-dapat na botante
- Tanging ang mga karapat-dapat na botante na nasa listahan ng mga botante hanggang Nobyembre 10 ang padadalhan ng isang VIC sa koreo. Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante at hindi nakatanggap ng isang VIC sa koreo, makukuha ang iyong kard sa [www.toronto.ca/MyVote](http://www.toronto.ca/MyVote). Hindi mo kailangan ng isang VIC para bumoto.

## Nobyembre 25 at 26

- Dalawang araw ng **Paunang Pagboto** mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi.
- **Mga Lokasyon ng Paunang Pagboto:** Birchmount Community Centre at Warden Hilltop Community Centre.

## Nobyembre 27

- Ang mga nakumpletong **Ikinoreong Pagboto** na mga pakete ay dapat matanggap sa tanghali (alas 12 ng tanghali)

## Huwebes, Nobyembre 30

- **Araw ng Halalan** mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi

- Bumoto sa iyong itinalagang lugar ng pagboto. Alamin kung saan boboto sa www.toronto.ca/MyVote.

# Mga Pagpipilian sa Pagboto

## Sa Personal

Bumoto nang personal sa alinman sa mga magagamit na araw ng pagboto:

- Bumoto nang maaga sa katapusan ng linggo ng paunang pagboboto sa Nobyembre 25 at 26 mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi. Bumoto sa alinman sa Birchmount Community Centre, 93 Birchmount Road **O** Warden Hilltop Community Centre, 25 Mendelssohn Street.
- Bumoto sa araw ng halalan, Nobyembre 30, mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi. Dapat kang bumoto sa iyong itinalagang lokasyon ng pagboto sa araw ng halalan.

Hanapin ang mga detalye ng lokasyon ng paunang pagboto at araw ng halalan sa www.toronto.ca/MyVote o sa iyong Card ng Impormasyon ng Botante.

## Sa pamamagitan ng Koreo

Para bumoto sa pamamagitan ng koreo, suriin ang mga hakbang sa ibaba at mag-aplay simula Oktubre 23.

### HAKBANG 1: Mag-aplay sa online

Bisitahin ang www.toronto.ca/VoteByMail para mag-aplay mula Oktubre 23 hanggang Nobyembre 10 nang alas 4:30 ng hapon.

### HAKBANG 2: Kumpletuhin ang Iyong Pakete

Kapag naproseso na ang iyong aplikasyon, simula Nobyembre 2, papadalhan ka ng isang pakete ng Pagboto sa Koreo (Mail-in Voting package) upang kumpletuhin.

- Pirmahan ang pormularyo ng pagpapahayag
- Markahan ang Balota
- Ipasok ang selyadong lihim na sobre sa dilaw na pabalik na sobre

### HAKBANG 3: Ikoreo ang Iyong Pakete

- Ang mga nakumpletong pakete ay dapat **matanggap bago ng tanghali (alas 12 ng tanghali) sa Nobyembre 27**.
- Dalhin ang iyong nakumpletong pakete sa anumang buson ng Canada Post o ihatid ng personal ito sa isa sa mga dilaw na hulugang kahon ng Toronto Elections.
- Magkakaroon ng dalawang dilaw na paghuhulugang kahon na magagamit simula Nobyembre 20. Ang mga lokasyon ng mga paghuhulugang kahon ay:

  Birchmount Community Centre, 93 Birchmount Road

**O** Warden Hilltop Community Centre, 25 Mendelssohn Street

Para sa mga tanong tungkol sa online na proseso, kung paano mag-aplay sa pamamagitan ng telepono, o impormasyon sa kakayahang ma-akses, mag-email sa elections@toronto.ca o tumawag sa 311. Matuto ng higit pa sa [www.toronto.ca/VoteByMail](www.toronto.ca/VoteByMail).

### Sa Pamamagitan ng Kinatawan (Proxy)

Kung hindi ka makakaboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang humirang ng isang kinatawan sa pagboto. Ang proxy ay isang taong pinagkakatiwalaan mong bumoto sa ngalan mo at isang karapat-dapat na botante. Kumpletuhin ang isang pormularyo ng Itinakdang Kinatawan sa Pagboto (Voting Proxy Appointment), na nilagdaan mo at ng iyong proxy, at patunayan ito sa Klerk ng Lungsod bago ang Nobyembre 30 ng alas 4:30 ng hapon.

Simula sa Oktubre 23, mag-email sa VoterRegistration@toronto.ca para humiling ng isang pormularyo ng Kinatawan (Proxy form) at gumawa ng tipanan para patunayan ito.

Tumawag sa 311 o bisitahin ang [www.toronto.ca/ByElection](www.toronto.ca/ByElection) upang higit pang malaman.

# Sino ang Maaaring Bumoto

Upang bumoto sa espesyal na halalan ng 2023 para sa Konsehal ng Ward 20, Scarborough Southwest, dapat kang:

- isang mamamayan ng Canada; at
- hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- isang residente sa Ward 20, Scarborough Timog-kanluran; o
- isang hindi residente ng Lungsod ng Toronto, ngunit ikaw o ang iyong asawa ay nagmamay-ari o umuupa ng ari-arian sa Ward 20, Scarborough Timog-kanluran; at
- hindi pinagbabawalang bumoto sa ilalim ng anumang batas.

Maaari ka lamang bumoto nang isang beses kahit gaano karaming mga ari-arian ang pagmamay-ari o inuupahan mo sa loob ng Ward 20.

## Mga Mag-aaral na Naninirahan na Malayo sa Toronto para sa Paaralan

Kung ikaw ay residente ng Toronto ng Ward 20, Scarborough Timog-kanluran, ngunit nag-aaral sa ibang munisipalidad ng Ontario, ikaw ay karapat-dapat na bumoto sa espesyal na halalang ito.

Matuto ng higit pa sa www.toronto.ca/elections/voters.

# Sumali sa Listahan ng mga Botante

Simula sa Oktubre 23, mahalagang suriin kung tama ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante, lalo na kung lumipat ka kamakailan o nagpalit ng iyong pangalan. Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante bago ang Nobyembre 10, isang Kard ng Impormasyon ng Botante (Voter Information Card) ang ipapadala sa iyo.

Hanggang sa Nobyembre 10 ng alas 4:30 ng hapon., idagdag o baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa www.toronto.ca/MyVote
- Pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca
- Pagtawag sa 311

Kung napalampas mo ang huling araw ng Nobyembre 10, maaari mong idagdag ang iyong sarili sa listahan ng mga botante kapag bumoto ka nang personal sa panahon ng paunang pagboto (Nobyembre 25 at 26) o sa araw ng halalan (Nobyembre 30). **Dapat mong ipakita ang ID kapag bumoto ka, kahit na ikaw ay nasa listahan ng mga botante.**

# MyVote

Ang MyVote na web na aplikasyon ay mayroong lahat para makapagsimula ka para sa 2023 na espesyal na halalan ng Konsehal ng Ward 20, Scarborough Timog-kanluran.

Simula sa Oktubre 23, bisitahin ang www.toronto.ca/MyVote sa:

- Alamin kung nasa listahan ka ng mga botante
- Magdagdag, baguhin o i-update ang impormasyon ng iyong listahan ng mga botante **(hanggang Nobyembre 10)**
- Tingnan ang mga kandidatong tumatakbo sa pagka-konsehal
- Alamin kung saan at kailan boboto
- Maghanap ng impormasyon sa pag-akses tungkol sa iyong lugar ng pagboto
- Tingnan ang isang halimbawa ng iyong balota
- Tingnan, i-download o i-print ang iyong Kard ng Impormasyon ng Botante **(simula Nobyembre 14)**

Suriin ang MyVote bago ka bumoto nang personal, dahil maaaring magbago ang mga lokasyon ng pagboto.

# Kard ng Impormasyon ng Botante (Voter Information Card)

**Ang mga Kard ng Impormasyon ng Botante [Voter Information Cards (VICs)] ay nasa koreo simula Nobyembre 14.** Ang pagdadala ng iyong VIC kapag pumunta ka upang bumoto ay maaaring makatulong na mapabilis ang iyong oras na ginugol sa lugar ng pagboto. Ang iyong VIC ay hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan.

Bisitahin ang www.toronto.ca/MyVote, upang tingnan ang iyong Kard ng Impormasyon ng Botante, at ipakita ito sa iyong smart phone kapag pumunta ka upang bumoto.

- Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante sa Nobyembre 10 at hindi mo natatanggap ang iyong VIC, ngunit ang isang tao sa iyong sambahayan ay nakakatanggap, ito ay maaaring dahil ang Canada Post ay nagpapadala ng mga kard nang pangkat-pangkat.
- Kung nakatanggap ka ng higit sa isang VIC, dalhin ang pinakatumpak na kard na tumutugma sa iyong pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto kapag bumoto ka.
- Kung natanggap mo ang iyong VIC, ngunit mali ang impormasyon, maaari mong dalhin ang card kapag bumoto ka at humiling na kumpletuhin ang isang Aplikasyon sa Pagbabago ng Listahan ng Botante.
- Kung nakatanggap ka ng VIC para sa isang tao na hindi nakatira sa iyong sambahayan, maaari mong i-print ang **Return sa Sender** na kard at ihulog ito sa anumang buson ng Canada Post.
- Hindi mo kailangan ng VIC para bumoto. Alamin ng higit pa ang tungkol sa VIC sa www.toronto.ca/VIC.

# Tinatanggap na Pagkakakilanlan

Kinakailangan ang Pagkakakilanlan [Identification (ID)] kapag bumoto ka. Tandaan na magdala ng isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan at kwalipikadong Ward 20, Scarborough Timog-kanluran na tirahan. Kung wala kang katanggap-tanggap na ID at wala sa listahan ng mga botante, hihilingin kang bumalik na dala ang iyong ID upang makatanggap ng isang balota.

### Mga Halimbawa ng Tinatanggap na ID:

- Inisyu ng Ontario na lisensya sa pagmamaneho o permiso ng sasakyang de-motor (bahagi ng sasakyan).
- Kinanselang personal na tseke, credit card or pahayag ng bank account.
- Bayarin sa palingkurang-bayan para sa hydro, telepono o cable TV, tubig, gas o bayarin mula sa isang komisyon ng pampublikong palingkurang-bayan.
- Stub ng Tseke, pahayag ng T4 o resibo ng suweldo na inisyu ng isang tagapag-empleyo.
- Pahayag ng direktang deposito para sa Ontario Works o Programa ng Suporta sa Kapansanan ng Ontario (Ontario Disability Support Program).
- Pagtatasa ng buwis sa pag-aari, paunawa sa pagtatasa ng buwis sa kita, pahayag ng Benepisyo ng Buwis sa Bata [Child Tax Benefit].
- Pahayag ng pagsasangla, kasunduan sa pag-arkila o pag-upa.

Maghanap ng isang kumpletong listahan ng katanggap-tanggap na pagkakakilanlan na magagamit sa www.toronto.ca/elections/Voters.

# Impormasyon sa Kakayahang Maka-akses

Ang lahat ng mga lokasyon ng pagboto ay madaling mapuntahan. Ang impormasyon tungkol sa mga punto ng pasukan, rampa, awtomatikong pagbubukas ng pinto, at pagkakaroon ng mga Terminal sa Pagtulong ng Botante [Voter Assist Terminals (VATs)] ay makukuha sa www.toronto.ca/MyVote o www.toronto.ca/ByElection. Kung nahaharap ka sa isang hadlang sa pagboto, makipag-ugnay sa Toronto Elections (Halalan ng Toronto) sa pamamagitan ng pag-email sa elections@toronto.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

## Kagamitan sa Pag-akses sa Pagboboto [Accessible Voting Equipment (VAT)]

Ang VAT ay isang aparato sa pagmamarka ng balota na nagpapahintulot sa mga botante na may mga kapansanan na markahan ang kanilang balota nang pribado at independyente. Kasama sa mga tampok ang isang touch screen, isang gumaganang audio, isang braille key pad, isang paghigop/pagbuga na tubo (sip/puff tube) na aparato, isang rocker paddle/switch ng paa at mga zoom na tampok upang ayusin ang mga laki ng letra at kaibahan ng kulay.

Ang mga VATs ay magagamit sa lahat ng mga lokasyon ng paunang pagboto. Kung kailangan mo ang paggamit ng isang VAT sa araw ng halalan at ang isa ay hindi matatagpuan sa iyong itinalagang lokasyon ng pagboto, tumawag sa 311 upang malaman kung paano humiling na ilipat ang isang balota. Hanapin ang mga detalye ng

lokasyon ng iyong VAT na nakalista sa ilalim ng tab na Aking Mga Lugar sa Pagboto sa www.toronto.ca/MyVote.

### Ibang mga Serbisyo

Tumawag sa 311 o bisitahin ang www.toronto.ca/AccessibleElections upang matuto nang higit pa tungkol sa lahat ng mga makukuhang serbisyo:

- Kung hindi ka makakaboto nang personal, mag-aplay para bumoto sa pamamagitan ng koreo sa www.toronto.ca/VoteByMail
- Kung hindi ka makakaboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang maghirang ng isang proxy sa pagboto sa iyong ngalan.
- Humiling ng paglipat ng balota kung nahaharap ka sa isang hadlang sa iyong itinalagang lugar ng pagboto.
- Kung ikaw ay pisikal na hindi makakapasok sa lugar ng pagboto, hilingin na dalhin ang iyong balota sa iyong sasakyan o sa ibang lugar sa loob ng lokasyon ng pagboto.
- Magsama ng isang kaibigan para tulungan kang markahan ang iyong balota o humingi ng tulong sa isang opisyal ng halalan.
- Ang lahat ng mga lugar ng pagboto ay malugod na tinatanggap ang paggamit ng mga taong sumusuporta at mga hayop ng serbisyo.
- Ang mga napapalaking sheet at mga tagubilin sa kung paano bumoto sa braille ay makukuha sa lahat ng mga lugar ng pagboto.
- Ang impormasyon para sa bingi o mahina ang pandinig ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng TTY sa 416-338-OTTY (0889).

# Social Media, Web at Email

**Twitter:** @cityoftoronto

**Facebook:** Lungsod ng Toronto

**Instagram:** @cityofto

**Website:** www.toronto.ca/ByElection

**Email:** elections@toronto.ca

# Pagsasalin-wika ng Impormasyon

Kung kailangan mo ng impormasyon sa ibang wika, tumawag sa 311 o bisitahin ang www.toronto.ca/elections/voters. Ang mga tagubilin sa kung paano bumoto ay makukuha sa lahat ng lugar ng pagboto sa 26 na mga wika.

TORONTO